MATATAGUMPAY NA PAARALAN

Taon ang kinakailangan upang makamit ang patuloy na kahusayan. Hindi masisiguro ng nag-iisang paaralan ang higit na kagalingan ng mga mag-aaral. Siyam na katangian ang natukoy ng mga mananaliksik na matatagpuan sa karamihan ng mga pinakamagagaling na mga paaralan:

1. Malinaw at nagkakaisang layunin
2. Matataas na pamantayan at ekspektasyon sa mga mag-aaral
3. Epektibong pamumuno ng paaralan
4. Mataas na antas ng pagtututlungan at komunikasyon
5. Kurikulum, pagtuturo at pagsusukat na alinsunod sa mga pamantayan ng estado
6. Regular na pagmomonitor sa pagkatuto at pagtuturo
7. Tinututukang propesyonal na pag-unlad
8. Kapaligirang nakakatulong sa pagkatuto
9. Mataas na antas ng pakikibahagi ng pamilya at lipunan

Para sa kumpletong listahan, depinisyon at mga mungkahi sa implementasyon ng "Siyam na Katangian ng mga Pinakamagagaling na Paaralan," bumisita sa www.k12.wa.us

Kung may pagtutulungan, hindi malilimitahan ang pagkatuto. Ang pagtutulungan sa pagitan ng pamilya, paaralan at komunindad ang susi sa motibasyon at tagumpay ng isang mag-aaral.

PAGKOKONEKTA NG MGA TAO, IMPORMASYON & KAGAMITAN

Ang Center for the Improvement of Student Learning (CISL) ay isang institusyon para sa pang-edukasyong pananaliksik, mga istorya ng tagumpay at mga nakakatulong na kasanayan. Itinaguyod ng Lehislatura ng Estado ng Washington bilang sentro ng serbisyo publiko sa ilalim ng Opisina ng Superintendent para sa Pampublikong Pagtuturo, isinusulong ng CISL ang pang-akademikong tagumpay para sa lahat ng mag-aaral, lalo na sa mga komunidad na hindi masyadong nakatatanggap ng serbisyo publiko. Ang pangunahing layunin ng CISL ay ang mapagkunekta ang mga tao sa mga impormasyon at mga kagamitang kanilang kinakailangan upang mapaghusay ang pagkatuto at pagtuturo sa Estado ng Washington.

Para sa karagdagang kaalaman ukol sa CISL at para magrehistro upang makatanggap ng buwanang e-newsletter, bumisita sa: www.yourlearningcenter.org

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Center for the Improvement of Student Learning
Opisina ng Superintendent para sa Pampublikong Pagtuturo
(Office of Superintendent of Public Instruction)
Old Capitol Building
P.O. Box 47200
Olympia, WA 98504-7200
(360) 725-6165
cisl@k12.wa.us

Tagalog

PAGTUTULUNGAN NG PAMILYA, PAARALAN & LIPUNAN

Ang tagumpay ng lahat ng mag-aaral ay sinusuportahan ng bawat pamilya, paaralan at lipunan na magkatuwang na kumikilos sa isang tunay na pagtututlungan.

CISL
yourLEARNINGCENTER.org
Center for the Improvement of Student Learning

AYON SA MGA MANANALIKSIK...

- Ang pamilya ang pangunahing susi sa pang-akademikong pag-unlad ng isang mag-aaral.

- Ang pagsasagawa ng mga epektibong programa para sa pakikibahagi ng mga pamilya at komunidad ay sumasalamin sa isang pilosopiya ng pagtutulungan.

"Ang ugnayang ito ay totoo sa lahat ng mga pamilya mula sa iba't-ibang antas ng ekonomiya, lahi at edukasyon at sa mga mag-aaral ng anumang edad."

-- "A New Wave of Evidence," Henderson & Mapp, 2003

Ayon sa mga saliksik, kapag nakikibahagi ang mga pamilya, nakikinabang ang mga mag-aaral sa:

- Mas matataas na GPA
- Pag-e-erol sa mga mas intensibong programa
- Mas ganadong pagpasok sa klase
- Mas magandang kaugalian
- Mas mahusay na pakikitungo sa lipunan

ANO ANG EPEKTIBO PARA SA IYONG PAARALAN?

Naghahanap ang Center for the Improvement of Student Learning mula sa buong estado ng mga istorya o ideya ukol sa mga nakakatulong na kasanayan. Anu-anong programa ang ginagamit ng iyong distrito o paaralan upang matagumpay na makapagkunekta sa mga pamilya para sa pagkatuto ng mga mag-aaral? Mayroon po bang guro na namumukod-tangi sa lahat dahil sa kaniyang pakikitungo sa mga mag-aaral? Mayroon po bang mga organisasyon sa iyong komunidad na nakikipag-tulungan sa mga paaralan? Anu-anong pagsasanay ang para sa inyo ay epektibo sa pagpapaunlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral?
Ikinalulugod po naming marinig ang inyong mga istorya na sa inyong palagay ang makakatulong sa mga paaralan at pamilya sa Washington.

Mangyari pong ipadala ang inyong mga istorya sa cisl@k12.wa.us

ANO ANG MAAARI MONG GAWIN?

ANG MGA PAMILYA AY MAAARING ...

- Kausapin ang kanilang mga anak ukol sa mga bagay na natututunan nila sa paaralan.
- Bumisita sa paaralan upang makilala ang mga guro ng kanilang mga anak.
- Alamin ang tungkol sa progreso ng kanilang mga anak at kung paano nila matutulungan ang kanilang mga anak sa kanilang pagkatuto mula sa tahanan.
- Alamin ang mga programa at kagamitan na makakatulong sa kanilang mga anak.
- Provide a quiet place and the resources your child needs to study.
- Makibahagi sa mga komite at/o sa mga grupo ng mga magulang sa paaralan.

ANG MGA PAARALAN AY MAAARING ...

- Magbigay ng kapaligirang nakakahalina para sa lahat ng mga pamilya.
- Tanggapin na ang lahat ng magulang ay may papel na ginagampanan sa pagkatuto ng mga mag-aaral at ninanais nila na maging magaling ang kanilang mga anak sa paaralan.
- Magsimula ng mga pakikipagtulungan sa mga pamilya base sa magkatuwang na responsibilidad at respeto.
- Bigyang-papel ang mga pamilya at ang lipunan na makibahagi sa pagdedesisyon.
- Alamin ang mga pangangailangan ng mga pamilya upang masuportahan ang pagkatuto ng kanilang mga anak mula sa tahanan.
- Magtala ng mga patakaran ukol sa pakikipagtulungan sa pamilya/ lipunan.
- Regular na irepaso ang mga programa ng pakikipagtulungan.

ANG LIPUNAN AY MAAARING ...

- Magbahagi ng mga kaalamang kultural at propesyonal upang masuportahan ang pagtuturo sa loob ng silid-aralan.
- Bigyang-papel ang mga mag-aaral at mga guro sa inyong organisasyon o operasyon.
- Magbigay-payo o tumayong pangalawang guro sa mga mag-aaral.
- Solusyonan ang mga suliraning panlipunan sa pakikipagtulungan sa mga paaralan.
- Magbigay ng mga serbisyong pangkalusugan o panlipunan sa mga paaralan.